



Ang Pagiging Mabuting Ehemplo

Kung ang tunay na sukatan ng alin mang relihiyosong komunidad ay ang kabuuan ng mga patakaran nito at ang uri ng pamumuhay depende sa banal na kautusan, kung gayo'y ang tunay na ginintuang panahon ng Islam ay hindi sa panahon ng Andalus, Espanya kasama ang di mapantayang malapalasyong arkitektura at tanawin. Hindi rin sa panahon ni Harun Al Rashid at ang kanyang kahariang babilonian. Hindi rin sa panahon ng sinu mang nag-iwan ng marka ng tagumpay sa sibilisasyon ng mga muslim. Ang tunay na ginintuang panahon ng Islam ay sa loob ng sampung taong pagitan ng 622 at 632 ad, sa panahon na ang mga muslim ay kakaunti lamang, matatagpuan lamang sila sa talibaba(footnote) ng kasaysayang hindi naman kilalang parte ng heyograpiya.

Binhi ng Pagiging Mabuting Ehemplo

Nang maging malaya mula sa araw araw at bayolenteng pangaapi ng mga politistang taga makka, nagtanim ang Propeta Muhammad (SAW) ng binhi kung papaano maging mabuting relihiyosong komunidad na alinsunod sa kagustuhan ng mga taga Yathrib(na kilala na ngayong Medina). Sa panahon ngayon alam ng mga Muslim na ang komunidad na tulad nito'y di na mauulit pa –isa sa mga sagisag nito ay ang tunay na koneksyon sa Allah at sa kanyang Sugo (SAW), tulad ng isang muslim na nakikita nya na ang Propeta(SAW) ay walang kahalintulad sa kanyang perpektong katangian, kaya naman ang isang komunidad ng muslim ay titingala sa mga taong yaon bilang gabay nila kung ano ng aba ang makakamit ng tunay na nananampalataya sa Allah.

Ang napakahalaga, masusi, at maayos na mga kasulatan ng hadith ay nagbibigay sa mga Muslim ng detalyadong buhay ng Propeta Muhammad(SAW) at ng kanyang mga Kasamahan, kung papaano sila nagsagawa ng pagsamba, gawain, pagmamahal at kamatayan. Samantala, sa karamihan, ang kwento ng mga Propetang nasa lumang tipan ay tila naging pabula o katha-katha na lamang, ang propeta Muhammad(SAW) ay isang tunay at buhay na ehemplo sa mga taong nagdaan yaon.

Ang kanyang paglalakbay mula Makka hanggang Madina ang nagging magandang hakbang para sa Islam at sa kasaysayan ng buong mundo. Napilitan sa tungkuling pangkalahatan, ang Propeta Muhammad(SAW) ay wala na sa karangyaan ng simple pananampalataya at pagsamba. Gayun pa man, patuloy pa rin ang pagtatayo ng komunidad ng lipunang sentro nito ay ang kamalayan o pagkabatid sa

Allah. Sa pagdating ng Propeta Muhammad(SAW) at ng kanyang mga Kasamahan sa Madina ay sila'y nagtayo ng Masjid roon.